Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV- A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

**27 August 2024**

DIVISION MEMORANDUM
No. 568 s. 2024

**LINGGO NG KABATAAN CELEBRATION**

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Heads, Public and Private Elementary and Secondary Schools
Heads, Unit/Section
All Others Concerned

1. This Office informs the field that the Sangguniang Kabataan (SK) Federation of Tayabas City will conduct its **Linggo ng Kabataan Celebration** which focuses on the theme of **"Buwan ng Wika 2024 and Linggo ng Kabataan 2024"** on **August 28, 2024, 8:00 a.m. at Tayabas East Central School.**

2. The said event aims to engage the youth in meaningful activities that foster their talents and encourage healthy competition.

3. The following are the simultaneous activities to be conducted on the said date:
   **a. Poster Making Contest**
      *Elementary Level:* Traditional Poster Making
      *Secondary Level:* Digital Poster Making
   **b. Debate** (Senior High School)
   **c. Essay Writing Contest** (Elementary and Secondary)
   **d. Photojournalism** (Elementary and Secondary)

4. Attached is the mechanics and criteria for each contest.

5. All schools are requested to send their representatives and register via https://tinyurl.com/ONLINE-REG-LNK2024 until August 27, 2024 at 12:00 P.M. only.

6. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

**CELEDONIO B. BALDERAS JR.**
Schools Division Superintendent

Encl.: As stated
Reference: Communication from SK Federation of Tayabas City

**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

DIVISION MEMORANDUM
No. 568 s. 2024



To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

LINGGO NG LABATAAN
BUWAN NG WIKA

SGOD - linggo ng kabataan celebration
REC071BK-002171/August 27, 2024

DIVISION MEMORANDUM
No. 568 s. 2024

**Enclosure 1**

**LINGGO NG KABATAAN 2024**
**Tema: Buwan ng Wika 2024: Filipino Wikang Mapagpalaya**
**Agosto 28, 2024 Ika-8 ng Umaga sa Tayabas East Central School**

**Mga Alituntunin sa Pagpapatupad**

| KATEGORYA | **PATIMPALAK SA PAGLIKHA NG POSTER** | |
|---|---|---|
| | **a. Tradisyonal** | **b. Digital** |
| Kagamitan | Illustration Board and Oil Pastel at anumang kaugnay na kagamitan | Laptop na may Editor at anumang kaugnay na kagamitan |
| YUGTONG KINABIBILANGAN | Ika-6 na Baitang | Ika-10 na Baitang |
| BILANG NG KALAHOK | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan |
| LAANG ORAS | 1 oras | 2 oras |
| MGA GAGANAP | CYNTHIA ZORILLA -HT IV (Tagapagpadaloy)<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sangguniang ng mga Kabataan | NICOLE LAGAR (Tagapagpadaloy)<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan |
| | | |
| HURADO | CYNTHIA ZORILLA<br>LOUIE FULLEDO<br><br>1 Hurado mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan | NICOLE LAGAR<br>SHERWIN QUESEA<br><br>1 Hurado mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan |

**Panuntunan:**

Ang paksain ng dalawang anyo ng poster ay ibibigay sa mismong araw ng patimpalak. Ito ay may kaugnayan sa kabuuang tema ng Buwang ng Wika 2024 at Linggo ng Kabataan.

Para sa Tradisyonal na Poster:
1. Ang mga kalahok ang inaasahang magdadala ng sarili nilang karagdagang kagamitang pangkulay tulad ng crayons, ball pens, pencils at oil pastel bilang midyum.
2. Ang illustration board na may sukat na 1/8 kalahok ay ibibigay ng mga miyembro ng Opisina ng Pangulo ng Pederasyon ng Sanggunian ng mga Kabataan


**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

sa mismong araw ng patimpalak. Ito ay lalagyan ng bilang ng tagapagpadaloy at siya lamang kikilalanin na opisyal na poster para sa patimpalak.
3. Bibigyan ang mga kalahok ng isang(1) oras upang matapos ang kanilang poster.

Para sa Digital Poster:
1. Ang mga kalahok ang inaasahang magdadala ng sarili nilang laptop na may editor applikasyon at ekstensiyon ng kuryente o saksakan.
2. Malaya ang mag-aaral na gumamit ng editor applikasyon kung saan sila ay may kasanayan.
3. Ang digital poster ay may sukat lamang na 10x15 pulgada lamang.
4. Matapos ang dalawang (2) oras na pagdidibuhong digital, ito ay isi-sayb sa anyong larawan (JPG) at PDF form at ipapadala sa email o drive na ibibigay sa oras ng patimpalak para sa pagsusuri at paghusga ng mga hurado.
5. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal na at hindi na mababago.
6. Ang tatlong (3) piyesa na makakakuha ng pinakamataas na marka ay hihiranging Kampeon, Unang Nagwagi, at Ikalawang Nagwagi. Sila ay makakatanggap ng sertipiko ng pagkilala.
7. Makakatanggap din ang lahat ng kalahok ng sertipiko ng partisipasyon.

**Pamantayan ng Pagsusuri:**

Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa- 30%
Pagkakaayos ng mga Ideya at Istilo- 30%
Pagkaorihinal- 20%
Harmoni ng Kulay at Kaangkupan ng Kulay- 20%
**Kabuuan 100**

| KATEGORYA | **DEBATE** |
|---|---|
| YUGTONG KINABIBILANGAN | Ika - 11 o Ika -12 Mag-aaral |
| BILANG NG KALAHOK | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan |
| LAANG ORAS | Humigit kumulang sa 20 minuto sa bawat paghaharap |
| MGA GAGANAP | Dr. Democrito Cabile Jr. (Tagapagpadaloy)<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan |
| HURADO | REGICELLE D CABAYSA<br>JEROME CHAVEZ<br><br>1 mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan |


**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

**Panuntunan:**

I. Ang wikang gagamitin sa debate ay **FILIPINO.**

II. Ang daloy ng debate ay ayon sa ganitong pagkakasunod-sunod.

a) Ang **unang tagapagsalita** sa **POSITIBONG panig** ay maglalahad ng **unang konstruktibong talumpati** sa loob ng **TATLONG MINUTO**.

b) Ang **unang tagapagsalita** sa **NEGATIBONG panig** ay **magtatanong** sa loob ng **TATLONG MINUTO.**

c) Ang **unang tagapagsalita** sa **NEGATIBONG panig** ay maglalahad ng unang **konstruktibong talumpati** sa loob ng **TATLONG MINUTO.**

d) Ang **unang tagapagsalita** sa **POSITIBONG panig** ay **magtatanong** sa loob ng **TATLONG MINUTO.**

e) Ganito rin ang magiging sistema para sa KASUNOD na Pares na debador o tagapagsalita ng parehong panig.

PAGKATAPOS NITO AY MAGKAKAROON NG TATLONG MINUTONG PAHINGA

f) Ang **NEGATIBONG** panig ay maglalahad ng **PANGWAKAS NA TALUMPATI** sa loob ng **TATLONG MINUTO.**

g) Ang **POSITIBONG** panig ay maglalahad ng **PANGWAKAS NA TALUMPATI** sa loob ng **LIMANG MINUTO.**

III. Ang mga tagapagsalita ay bibigyan ng HUDYAT DALAWANG MINUTO bago matapos ang konstruktibong talumpati at ISANG MINUTO naman bago matapos ang pagtatanong.

IV. Ang debator na nanalo at nakakuha ng unang pinakamataas na marka ang siyang makikipagtunggali sa kasunod na nakakuha ng pinakamataas na marka at aabante sa *finals.*

V. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal na at hindi na mababago.

VI. Ang tatlong (3) pyesa na makakakuha ng pinakamataas na marka ay hihiranging Kampeon, Unang Nagwagi, at Ikalawang Nagwagi. Sila ay makakatanggap ng sertipiko ng pagkilala.

VII. Makakatanggap din ang lahat ng kalahok ng sertipiko ng partisipasyon.

**Pamantayan ng Pagsusuri:**

**PANGANGATWIRAN AT PAGMAMATUWID 30%**
(Kasanayan ng mga nagsisipagtunggali sa paggamit ng alituntunin ng debate)
**BISA NG PAGTATANGHAL 30%**
(Pagpapahiwatig ng mensahe, pagtanggap ng mga nakikinig at kasanayan sa pagsasalita o pakikipagtalo)
**PAGTUTULUNGAN NG MAGKAKAGRUPO 20%**
(Kaayusan ng daloy ng isinasalaysay o iginigiit ng magkakaibang tagapagsalita at pagsangguni sa mga kagrupo)
**ANTAS NG KAHANDAAN AT PANANALIKSIK 20%**

**KABUUAN**
**100%**


**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

DIVISION MEMORANDUM
No. 568 s. 2024

| KATEGORYA | **PAGSULAT NG SANAYSAY** | |
|---|---|---|
| YUGTO | Elementarya | Sekondarya |
| YUGTONG KINABIBILANGAN | Ika-5 na baitang | Ika-9 na baitang |
| BILANG NG KALAHOK | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan |
| LAANG ORAS | 1 Oras | 1 Oras |
| MGA GAGANAP | Dr. MICHAEL LEONARD LUBIANO Tagapagpadaloy<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan | DR. MIKAEL SANDINO ANDREY Tagapagpadaloy<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan |
| HURADO | LA TRISHA DALIT<br>JOSEPH JAY U. AUREADA<br><br>1 Hurado mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sangguniang ng mga Kabataan | JOAN KATHLEEN TALABONG<br>MILDRED Z. GALLENO<br><br>1 Hurado mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sangguniang ng mga Kabataan |

**Panuntunan:**

1. Ang paksa para sa pagsulat ng sanaysay ay ibibigay sa mismong araw ng patimpalak. Ito ay may kaugnayan sa kabuuang tema ng Buwang ng Wika 2024 at Linggo ng Kabataan.
2. Ang mga kalahok ang inaasahang magdadala ng sarili nilang panulat. Itim lamang ang kulay ng tinta ng panulat ang pinahihintulutan na gamitin.
3. Ang papel na gagamitin ng mga kalahok ay ibibigay ng mga miyembro ng Opisana ng Pangulo ng Pederasyon Sangguniang ng mga Kabataan sa mismong araw ng patimpalak. Ang mga papel na ito ay pirmado ng tagapagpadaloy at siya lamang kikilalanin na opisyal na piyesa para sa patimpalak.
4. Ang sanaysay ay dapat nakasulat sa **wikang Filipino**. Ito ay hindi lalampas sa 500 salita (hindi kabilang ang mga artikulo). Ang bawat sampung (10) salita na kasobrahan ay may karampatang bawas na isang (1) puntos sa kabuuang marka.
5. Kailangang bigyan ng pamagat ng kalahok ang kanilang sanaysay. Hindi ito kasama sa bilang ng mga salita.
6. Bibigyan ang mga kalahok ng isang(1) oras upang matapos ang kanilang sanaysay.
7. Hindi pinahihintulutan ang pakikipag-usap sa mga guro at kapwa kalahok sa oras ng patimpalak.
8. Ang bawat piyesa ay bibigyan ng alpanumerikong palatandaan upang masiguro ang patas na paghatol bago ito isumite sa lupon ng mga taga-hatol.
9. Ang desisyon ng lupon ng mga taga-hatol ay pinal at hindi na maaaring baguhin.

| |
|---|
| 10. Ang tatlong (3) piyesa na makakakuha ng pinakamataas na marka ay hihiranging Kampeon, Unang Nagwagi, at Ikalawang Nagwagi. Sila ay makakatanggap ng sertipiko ng pagkilala.<br>11. Makakatanggap din ang lahat ng kalahok ng sertipiko ng partisipasyon. |
| **Pamantayan ng Pagsusuri:**<br><br>Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa- 40%<br>Pagkakaayos ng mga Ideya- 30%<br>Istilo- 15%<br>Wastong Paggamit ng mga Salita at Pagsunod sa Balarila- 15%<br>**Kabuuan 100** |

| KATEGORYA | **PHOTOJOURNALISM**<br>(Pagkuha ng Larawan) | |
|---|---|---|
| YUGTO | Elementarya | Sekondarya |
| YUGTONG KINABIBILANGAN | Ika-4 hanggang ika-5 na baitang | Ika-7 hanggang ika-9 na baitang |
| BILANG NG KALAHOK | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan | 1 Mag-aaral at 1 Tagapagsanay sa bawat paaralan |
| LAANG ORAS | 2 Oras | 2 Oras |
| Tagapagpadaloy | RICHELLE QUINTERO<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan | CHRISTIAN BABLES<br><br>1 Kaagapay mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan |
| at HURADO | RICHELLE QUINTERO<br>CHRISTIAN BABLES<br><br>1 Hurado mula sa Opisina ng Pangulo ng Pederasyon Sanggunian ng mga Kabataan | |

| |
|---|
| **Panuntunan:**<br>1. Ang paksain para sa pagkuha ng larawan o photojournalism ay ibibigay sa mismong araw ng patimpalak. Ito ay may kaugnayan sa kabuuang tema ng Buwang ng Wika 2024 at Linggo ng Kabataan.<br>2. Ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Ika-4 hanggang ika-5 na baitang at Ika-7 hanggang ika-9 na baitang lamang.<br>3. Isang (1) mag-aaral lamang ang kalahok ng bawat paaralan mula sa nasabing antas at grado ng mga mag-aaral.<br>4. Malayang gumamit ng ano mang kagamitang kamera o lente ang mga kalahok, subalit HINDI DAPAT LALAGPAS ang lente na tulad ng propesyonal na kagamitan, tulad ng long lens o wide lens at nararapat na single lens lamang ang gagamitin kung DSLR.<br>5. Tandaan ang memory card na gagamitin ay susuriin ng tagapagpadaloy na walang anumang laman at itatala ang palatandaan ng memory card kaalinsabay ang paglalagyan ng tape na may lagda ng tagapagpadaloy.<br>5. Matapos ang dalawang (2) oras na pagkuha ng larawan at pagpili lamang ng **isa (1)** na siyang isusumiti, sa tagapagpadaloy at isaalin sa digital na lalagyan para sa |

| |
|---|
| pagsusuri at paghusga ng mga hurado.<br>6. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal na at hindi na mababago.<br>7.Ang tatlong (3) piyesa na makakakuha ng pinakamataas na marka ay hihiranging Kampeon, Unang Nagwagi, at Ikalawang Nagwagi. Sila ay makakatanggap ng sertipiko ng pagkilala.<br>8. Makakatanggap din ang lahat ng kalahok ng sertipiko ng partisipasyon. |
| **Pamantayan ng Pagsusuri:**<br><br>Kaugnayan sa tema- 30%<br>Kalidad ng kuha (Taglay ang buhay na damdamin, kilos at pahiwatig)– 30%<br>Orihinalidad- 20%<br>Komposisyon– 10%<br>Tatas ng Pamagat at Kapsyon– 10%<br>Kabuoan- 100% |


**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph